ARALIN 3


# Payak na Pangungusap

-Ang pangungusap ay isang sambitlang may patapos may patapos na himig sa dulo. Ang patapos himig na ito ay nagsasaaad na naipahayag na ng nagsasalita ang isang diwa o kaisipang nais niyang ipaabot sa kausap.



# Ang Dakilang Lumpo







Si Apolinario Mabini Y Maranan ay ipinanganak noong 23 Hulyo 1864 sa Tanauan, Batangas. Kapwa magsasaka ang kanyang ama at ina na sina Inocencio Mabini at Dionisia Maranan. Bata pa lamang si Mabini nang makitaan na siya ng katalinuhan, kahit mahirap lang ay nabigyan siya ng pagkakataong makapag-aral. Nang maipasa ang pagsusulit sa Kolehiyo de San Juan de Letran. Matagumpay niyang natapos ang Batsilyer ng Sining ay ipinagpatuloy niya ang pag-aaral ng Abogasya sa Unibersidad ng Santo Tomas. Ang pag-ibig sa bansa ang dahilan kaya muli niyang binuhay ang La Liga Filipina noong 1863. Naihalal si Mabini bilang Sekretaryo ng organisasyon na naglalayong magbigay ng moral at pinansyal na tulong sa mga propagandistang Pilipino sa EspanyA.

Ang pag-ibig sa bansa ang dahilan kaya muli niyang binuhay ang La Liga Filipina noong 1863. Naihalal si Mabini bilang Sekretaryo ng organisasyon na naglalayong magbigay ng moral at pinansyal na tulong sa mga propagandistang Pilipino sa Espanya.


- Si Apolinario Mabini Y Maranan ay ipinanganak noong 23 Hulyo 1864 sa Tanauan, Batangas.

-Kapwa magsasaka ang kanyang ama at ina na sina Inocencio Mabini at Dionisia Maranan.

-Si Apolinario Mabini ay matalino.

-Naihalal si Mabini bilang Sekretaryo ng organisasyon na naglalayong magbigay ng moral at pinansyal na tulong sa mga propagandistang Pilipino sa EspanyA.


# May mga pangungusap na binubuo ng dalawang pangunahing sangkap



1. Simuno – ang bahaging pinagtutuunan ng pansin sa loob ng pangungusap. Nasa paksa ang pokus na sinasabi sa loob ng pangungusap. Sa ating pagsusuri, ang simuno ay tinatawag nating paksa (topic) sapakat higit na angkop ang salitang paksa sa tunay na kahulugan ng katawan nitong bahagi ng pangungusap.



2. Panaguri – ang bahagi ng pangungusap na nagbibigay ng kaalaman o impormasyon tungkol sa paksa. Sinasabing ang panaguri ay naglalarawan sa simuno.





# Halimbawa

Simuno- red
Panaguri-asul

-Ang mundo ay napakaganda.

-Si Anna ay may maamong mukha.

-Nakakasilaw ang sikat ng araw.

-Ang Singapore ay isang malinis at mapayapang bansa.


-Si Darna ay isa sa mga pinakasikat na karakter sa Pilipinas.



# Pagsasanay

simuno


panaguri



1.Maingay kumain si Jona.
2. Masayahing bata si Andi.
3.Ang pulitika sa Pilipinas ay magulo.
4.Ang mga mag-aaral ay nagtatanim.
5. Naglalaro sa ulan ang mga bata.
6. Tahimik na bata si Sesa.
7. Naglalaro sa ulan ang mga bata.
8. Si Maria ay lumuwas sa Maynila upang doon na mag-aral.
9. Si Joana ay magandang magsulat.
10. Si Leila ay nangangarap na maging doktor.



# Uri ng Pangungusap



Pasalaysay


Patanong

Pautos

Padamdam

pakiusap





# Pasalaysay

Pangungusap na nagkukwento o nagsasalaysay.
Ito ay nagtatapos sa tuldok(.).

## Halimbawa

Si Anna ay tumatakbo.





Ang ibon ay lumilipad.

Ang mga bata ay masayang nagbabasa.





# Pautos

Nagpapahayag ng obligasyong dapat gawin.
Nagtatapos din ito sa tuldok(.).

## Halimbawa

Magluto ka ng pagkain para sa tanghalian. 

 Magdilig ka ng halaman.

Dalahin mo ang bag ko sa office. 



# Pakiusap

Pangungusap na maaaring nag sasaad ng paghingi ng pabor. Ginagamitan ng magagalang na salita upang makiusap. Maaaring nagtatapos sa tuldok(.) o tandang pananong(?).



## Halimbawa


Maaari ba akong makiupo sa tabi mo?





Pakibukas naman po ng pinto.

# Padamdam



Nagsasaad ng matinding damdamin tuwa, takot, o pagkagulat. Nagtatapos ito sa tandang padamdam (!). Maaari ring gamitin ang tandang pananong(?).

# Halimbawa

Naku! Ang daming lamok.





Bilisan mo! Umuulan na!

Aray! nasugatan ako.





# Patanong

Pangungusap na nagsisiyasat o naghahanap ng sagot at nag tatapos sa tandang pananong(?).

# Halimbawa

Nasaan na ba ang aking anak?



Anong ulam natin?






Sino ang nagtago ng tsinelas ko?